

Bakuna para sa H1N1 Influenza (Swine Flu)
Mapapakinabangang Libreng Pagbabakuna sa Paaralan
PAGSANG-AYON at SCREENING

Paaralan:	Petsa:
-----------	--------

Mahal naming Magulang/Tagapangalaga:

1. Basahin ang nakalakip na **Pahayag/mga pahayag sa Impormasyon tungkol sa Bakuna o Vaccine Information Statement(s)** kaugnay ng bakuna para sa H1N1 at ingatan para sa inyong rekord.
 2. Kompletuhin ang impormasyon tungkol sa inyong anak, sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong gaya ng tinukoy, at **pirmanhan ang likod ng form na ito**, sa seksiyon ng impormasyon tungkol sa magulang/tagapangalaga. **Gumamit ng hiwalay na form para sa BAWAT BATA.**
 3. Ibalik ang form na *ito* sa Nars ng Paaralan o sa Front Office kahit na hindi magpapabakuna ang inyong anak.
- Upang makapagbigay ng pinakamabuting pangangalaga sa kalusugan, ang /ang mga pagbabakuna sa inyong anak ay ipapasok sa **VAC-TRAK**, sistema sa impormasyon tungkol sa pagbabakuna sa Alaska.

Impormasyon tungkol sa Estudyante

Pangalan	Apelyido	Petsa ng Kapanganakan bb/aa/taon	Guro

Ang sumusunod na katanungan ay makakatulong sa amin upang malaman kung ang inyong anak ay maaaring tumanggap ng bakuna para sa H1N1 influenza ng 2009. Mangyaring markahan ng OO o HINDI ang bawat tanong.

A. Kung sasagot kayo ng “HINDI” sa lahat ng apat na sumusunod na katanungan, maaaring makatanggap ng bakuna para sa trangkaso ang inyong anak. Kung sasagot kayo ng “OO” sa isa o higit sa sumusunod na apat na katanungan, maaaring makatanggap ang inyong anak ng bakuna para sa H1N1 ng 2009, ngunit makikipag-ugnayan kami sa inyo para talakayin ang inyong mga opsiyon.

	OO	HINDI
1. May malubha bang allergy sa mga itlog ang inyong anak?		
2. May iba pa bang malubhang allergy ang inyong anak? Mangyaring pakitala:		
3. Nagkaroon ba ng malalang reaksiyon sa nakaraang dosis ng bakuna sa trangkaso ang inyong anak?		
4. Nagkaroon ba ang inyong anak ng Guillain-Barré Syndrome (isang uri ng pansamantalang malalang panghihina ng kalamnan sa loob ng 6 na linggo pagkatapos matanggap ang bakuna para sa trangkaso?)		

B. May dalawang uri ng bakuna para sa H1N1 influenza ng 2009. Ang inyong mga sagot sa sumusunod na katanungan ay makakatulong sa amin na malaman kung alin sa dalawang uri ang maaaring matanggap ng inyong anak.

	OO	HINDI
1. Nabakunahan na ba ang inyong anak sa alinmang bakuna (hindi lang para sa trangkaso) sa loob ng nakaraang 30 araw? (Mga) Bakuna: _____ Petsa nang ibinigay: _____		
2. Ang inyong anak ba ay nagtataglay ng alinman sa sumusunod: asthma, diyabetes (o iba pang uri ng metabolic disease), o sakit sa baga, puso,bato, atay, nervous system, o dugo?		
3. Wala pa bang 5 taong gulang ang inyong anak at may pabalik-balik ba siyang tunog sa dibdib na tulad ng pagsipol)?		
4. Umiinom ba ang inyong anak ng alinmang gamot laban sa virus (halimbawa, Tamiflu) sa loob ng nakaraang 48 oras?		
5. Gumagamit ba ang inyong anak ng pangmatagalang aspirin o terapiya na may lamang aspirin (halimbawa, gumagamit ba ang inyong anak ng aspirin araw araw)?		
6. Ang inyong anak ba ay may humihinang immune system (halimbawa, mula sa HIV, kanser, o gamut na gaya ng steroids o iyong mga ginagamit sa paggamot ng kanser)?		
7. Buntis ba ang inyong anak?		
8. Nagkaroon ba ng malapitang pakikipag-ugnay ang inyong anak sa isang taong nangangailangan ng pangangalaga sa isang pinoprotektahang kapaligiran (halimbawa, ang taong kamakailan lang ay nagkaroon ng bone marrow transplant)?		

*****Mangyaring kompletuhin ang kabilang bahagi.*** Mangyaring kompletuhin ang kabilang bahagi.*****

Pangalan ng estudyante: _____

Impormasyon tungkol sa MAGULANG/TAGAPANGALAGA

Pangalan	Apelyido	Tirahan	Telepono

_____ **Oo, ibinibigay ko ang aking pahintulot sa batang pinangalanan sa itaas na bakunahan gamit ang bakuna para sa H1N1. Aking nabasa ang Vaccine Information Statement(s) at naiintindihan na ang pagsang-ayong ito ay tunay para sa bilang ng mga dosis na inirerekomenda para sa edad ng aking anak at kasaysayan ng pagbabakuna.**

Kung makukuha ang mapagpipiliang uri ng bakuna, may gusto ba kayong bakuna para sa anak ninyo?

_____ LAIV: Live attenuated H1N1 influenza vaccine (ini-spray sa ilong)

O

_____ Inactivated H1N1 Vaccine (iniksyon sa muscle)

_____ **Hindi, tinatanggihan ko ang permiso na bakunahan ang aking anak na nakatala sa taas gamit ang bakuna para sa H1N1.**

_____ **Hindi, ang aking anak ay tumatanggap o tatanggap ng bakuna mula sa ibang provider.**

Lagda ng magulang/tagapangalaga _____ **Petsa**

Vaccinator use only: Form reviewed for child's name, contraindications, DOB, and consent to vaccinate

Is the child ill today? Yes No	Date vaccine administered	Injection Site LD RD LT RT Intranasal	VIS date: Manufacturer/Lot#/expiration date
	Vaccinator's Signature		
Is the child ill today? Yes No	Date vaccine administered	Injection Site LD RD LT RT Intranasal	VIS date: Manufacturer/Lot#/expiration date
	Vaccinator's Signature		

Unable to vaccinate this child for the following reason:

Date _____

Refused to receive vaccine Did not come to vaccination site

Consent form not properly completed Precaution/contraindication exists

Other _____

BUHAY, PINAHINANG-VIRUS
(ang bakunang iwiniwisik sa ilong)

NA BAKUNA SA 2009 NA TRANGKASONG H1N1

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Ano ang 2009 na trangkasong H1N1?

Ang 2009 na trangkasong H1N1 (kung minsan ay tinatawag na Swine Flu) ay dulot ng isang bagong uri ng virus ng trangkaso. Ito ay kumalat na sa maraming bansa.

Tulad ng ibang mga virus ng trangkaso, ang 2009 H1N1 ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahin, at kung minsan ay sa pamamagitan ng pagsagi sa mga bagay na kontaminado ng virus.

Sa mga palatandaan ng 2009 H1N1 ay maaaring kabilang ang:

- Pagkahapo
- Lagnat
- Pananakit ng Lalamunan
- Pananakit ng Kalamnan
- Ginaw
- Ubo
- Pagbahin

Ang ilang tao ay nagkakaroon din ng pagtatae at pagsusuka.

Karamihan sa mga tao ay bumubuti ang pakiramdam sa loob ng isang linggo. Pero ilan sa mga tao ay nagkakaroon ng pulmunya o ibang o ibang mga seryosong sakit. Ang ilan sa mga tao ay kailangang dalhin sa ospital at ilan ay namamatay.

2 Ano ang pagkakaiba ng 2009 H1N1 sa pangkaraniwang (pana-panahong) trangkaso?

Ang mga pana-panahong virus ng trangkaso ay nagbabago bawat taon, pero ang mga ito ay may malapit na pagkakaugnay sa isa't-isa.

Ang mga taong nagkaroon na ng mga impeksyon ng trangkaso ay karaniwang hindi tinatablan ng mga pana-panahong virus ng trangkaso (ang kanilang katawan ay nakabuo na ng kakayahang labanan ang mga virus).

Ang virus ng 2009 na trangkasong H1N1 ay isang bagong uri ng virus. Malaki ang pagkakaiba nito sa mga virus ng pana-panahong trangkaso.

Karamihan sa mga tao ay may kaunti o walang panlaban sa 2009 na trangkasong H1N1 (ang kanilang mga katawan ay hindi nakahandang labanan ang mga virus).

3 Bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1

Ang mga bakuna ay makukuha upang magprotekta laban sa 2009 na trangkasong H1N1.

- Ang mga bakunang ito ay ginagawa na katulad ng mga bakuna sa pana-panahong trangkaso.
- Ang mga ito ay inaasahan na magiging ligtas at mabisa tulad ng mga bakuna sa pana-panahong trangkaso.
- Ang mga ito ay hindi hahadlang sa mga sakit na “kagaya ng trangkaso” na dulot ng ibang mga virus.
- Ang mga ito ay hindi hahadlang sa pana-panahong trangkaso. *Dapat ding tumanggap kayo ng bakuna sa pana-panahong trangkaso, kung gusto ninyo ng proteksiyon laban sa pana-panahong trangkaso.*

Ang buhay, pinahinang-virus at pinadadaan sa ilong na bakuna (o LAIV) ay iwiniwisik sa ilong. Ang papel na ito ay naglalarawan sa buhay, pinahinang-virus at pinadadaan sa ilong na bakuna.

Ang pinatay-na-virus na bakuna ay makukuha rin, na ibinibigay bilang iniksiyon. Ito ay inilalarawan sa isang nakahiwalay na papel.

Ang 2009 H1N1 LAIV ay hindi nagtataglay ng thimerosal o ibang mga preserbatibo. Ito ay lisensiyado para sa mga taong mula sa 2 hanggang 49 ang edad.

Ang virus ng bakuna ay pinahina (inalisan ng lakas) upang hindi ito maging sanhi ng sakit.

4 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1 at kailan?

SINO

Ang LAIV ay inaprobahan para sa mga taong mula sa 2 hanggang 49 na taon ang edad na hindi buntis at walang mga partikular na kondisyong pangkalusugan (tingnan ang bilang 5 sa ibaba). Ang mga grupong inirerekomendang unang tumanggap ng 2009 H1N1 LAIV ay malulusog na tao na:

- mula sa 2 hanggang 24 na taon ang edad,
- mula sa 25 hanggang 49 na taon ang edad at
 - naninirahang kasama o nag-aalaga ng mga sanggol na mas bata kaysa 6 na buwan ang edad, o
 - tauhan sa pangangalagang pangkalusugan o emerhensiyang medikal.

Kapag makukuha na ang mas maraming bakuna, ang ibang malulusog na 25 hanggang 49 na taong gulang ay dapat bakunahan.

Tala: Habang ang mga partikular na grupo ay hindi dapat tumanggap ng LAIV – halimbawa ay mga buntis na babae, mga taong may mga pangmatagalang problema sa kalusugan, at mga batang mula sa 6 na buwan hanggang 2 taon ang edad – mahalagang bakunahan sila. Dapat silang tumanggap ng iniksiyon sa trangkaso.

Ang Pederal na pamahalaan ay nagkakaloob ng bakunang ito para matanggap nang kusang-loob. Gayunman, ang batas ng estado o mga tagapag-empleyo ay maaaring mag-atas ng pagbakuna para sa mga partikular na tao.

KAILAN

Magpabakuna sa sandaling makukuha na ang bakuna.

Ang mga batang hanggang 9 na taon ang edad ay dapat tumanggap ng **dalawang dosis** ng bakuna, humigit-kumulang na isang buwan ang pagitan. Kailangan ng mga mas matandang bata at may sapat na gulang ng isang dosis lamang.

5 May mga tao na hindi dapat tumanggap ng bakuna o dapat maghintay

Hindi ka dapat tumanggap ng 2009 H1N1 LAIV kung ikaw ay may **malubha (nagbabanta-sa-buhay) na alerhiya sa mga itlog**, o sa **anumang ibang bagay sa bakuna**. *Sabihin sa tao na nagbibigay sa iyo ng bakuna kung ikaw ay mayroong anumang malulubhang alerhiya.*

Ang 2009 H1N1 LAIV ay hindi dapat ibigay sa mga sumusunod na grupo.

- mga batang wala pang 2 taon at mga may sapat na gulang na 50 taong gulang at mas matanda,
- mga buntis na babae,
- sinumang may mahinang sistema ng panlaban sa sakit,
- sinumang may mga pangmatagalang problemang pangkalusugan tulad ng
 - sakit sa puso
 - sakit sa bato o sakit sa atay
 - sakit sa baga
 - metabolikong sakit tulad ng diabetes
 - hika
 - anemia at mga karamdaman ukol sa dugo
- ang mga batang wala pang 5 taong gulang na may hika o may isa o mahigit na karanasan ng paghuni sa loob ng nakaraang taon,
- sinumang may mga partikular na karamdaman sa kalamnan o nerbiyos (katulad ng cerebral palsy) na maaaring humantong sa mga problema sa paghinga o paglunok,
- sinumang malapit na nakikipag-ugnayan sa isang taong may *lubhang* mahinang sistema ng panlaban sa sakit (nangangailangan ng pangangalaga sa isang protektadong kapaligiran, tulad ng yunit ng paglipat ng utak ng buto),
- mga bata o adolescente na nasa pangmatagalang paggamot ng aspirin.

Kung ikaw ay may katamtaman o malalang sakit, maaaring payuhan ka na maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna.

Kung ikaw ay may banayad na sipon o ibang sakit, karaniwang hindi na kailangang maghintay.

Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay:

- nagkaroon na ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya pagkatapos ng isang dosis ng bakuna sa pana-panahong trangkaso,
- nagkaroon na ng Guillain-Barré Syndrome (isang malubhang sakit na pagkalumpo na tinatawag ding GBS).

Ang mga ito ay maaaring hindi mga dahilan para iwasan ang bakuna, pero ang mga tauhang medikal ay maaaring makatulong sa iyo na magpasiya.

Ang 2009 H1N1 LAIV ay maaaring ibigay kasabay ng karamihan sa ibang mga bakuna. Sabihin sa iyong doktor kung nakatanggap ka ng ibang mga bakuna sa loob ng nakalipas na buwan o balak tumanggap ng alinman sa mga ito sa loob ng susunod na buwan. Ang H1N1 LAIV at pana-panahong LAIV ay hindi dapat ibigay nang magkasabay.

6 Ano ang mga panganib mula sa 2009 H1N1 LAIV?

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay puwedeng maging sanhi ng seryosong problema, tulad ng matinding reaksiyong alerhiya. Pero ang panganib na ang bakuna ay maging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Ang mga panganib mula sa 2009 H1N1 LAIV ay inaasahan na magiging katulad ng mga mula sa pana-panahong LAIV.

Mga banayad na problema:

Ang mga bata at adolescente na 2-17 taon ang edad ay nag-ulat na nagkaroon ng mga banayad na reaksiyon, kabilang ang:

- tumutulong ilong, pagbabara ng ilong o ubo
- lagnat
- sakit ng ulo at pananakit ng kalamnan
- paghuni
- pananakit ng tiyan o paminsan-minsang pagsusuka o pagtatae

May mga may sapat na gulang na 18-49 taong gulang na nag-ulat ng:

- tumutulong ilong o pagbabara ng ilong
- pananakit ng lalamunan
- ubo, ginaw, pagkahapo/panghihina
- sakit ng ulo

Malulubhang problema:

- Ang nagbabanta-sa-buhay na mga reaksiyong alerhiya ay bihirang-bihira. Kung ito ay mangyari, ito ay karaniwang sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng pagbakuna.
- Noong 1976, ang isang naunang uri ng pinatay-na-virus na bakuna sa swine flu ay iniugnay sa mga kaso ng Guillain-Barré Syndrome (GBS). Ang LAIV ay hindi pa naiugnay sa GBS.

7 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago ng asal. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nagyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng payong paggamot.

8 Pagbabayad ng Pinsala sa Bakuna

Kung ikaw o ang iyong anak ay may reaksiyon sa bakuna, ang iyong kakayahang maghabla ay nililimitahan ng batas.

Gayunman, ang isang pederal na programa ay nilikha upang makatulong na bayaran ang pangangalagang medikal at ibang mga partikular na gastos ng mga partikular na tao na may seryosong reaksiyon sa bakunang ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito, tumawag sa **1-888-275-4772** o bisitahin ang website ng programa sa: www.hrsa.gov/countermeasurescomp/default.htm

9 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/h1n1flu o www.cdc.gov/flu
 - Bisitahin ang web sa www.flu.gov



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION



Vaccine Information Statement
2009 H1N1 LAIV IMM-979TAG – Tagalog (10/2/09)
Translated by Transcend Translations, Davis, CA

42 U.S.C. §300aa-26
www.transcend.net

PINATAY-NA-VIRUS

(ang "iniksiyon sa trangkaso")

ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

NA BAKUNA SA 2009 NA TRANGKASONG H1N1

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Ano ang 2009 na trangkasang H1N1?

Ang 2009 na trangkasang H1N1 (kung minsan ay tinatawag na Swine Flu) ay dulot ng isang bagong uri ng virus ng trangkaso. Ito ay kumalat na sa maraming bansa.

Tulad ng ibang mga virus ng trangkaso, ang 2009 H1N1 ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahin, at kung minsan ay sa pamamagitan ng pagsagi sa mga bagay na kontaminado ng virus.

Sa mga palatandaan ng 2009 H1N1 ay maaaring kabilang ang:

- Pagkahapo
- Lagnat
- Pananakit ng Lalamunan
- Pananakit ng Kalamnan
- Ginaw
- Ubo
- Pagbahin

Ang ilang tao ay nagkakaroon din ng pagtatae at pagsusuka.

Karamihan sa mga tao ay bumubuti ang pakiramdam sa loob ng isang linggo. Pero ilan sa mga tao ay nagkakaroon ng pulmunya o ibang o ibang mga seryosong sakit. Ang ilan sa mga tao ay kailangang dalhin sa ospital at ilan ay namamatay.

2 Ano ang pagkakaiba ng 2009 H1N1 sa pangkaraniwang (pana-panahong) trangkaso?

Ang mga pana-panahong virus ng trangkaso ay nagbabago bawat taon, pero ang mga ito ay may malapit na pagkakaugnay sa isa't-isa.

Ang mga taong nagkaroon na ng mga impeksyon ng trangkaso ay karaniwang hindi tinatablan ng mga pana-panahong virus ng trangkaso (ang kanilang katawan ay nakabuo na ng kakayahang labanan ang mga virus).

Ang virus ng 2009 na trangkasang H1N1 ay isang bagong uri ng virus. Malaki ang pagkakaiba nito sa mga virus ng pana-panahong trangkaso.

Karamihan sa mga tao ay may kaunti o walang panlaban sa 2009 na trangkasang H1N1 (ang kanilang mga katawan ay hindi nakahandang labanan ang mga virus).

3 Bakuna sa 2009 na trangkasang H1N1

Ang mga bakuna ay makukuha upang magprotekta laban sa 2009 na trangkasang H1N1.

- Ang mga bakunang ito ay ginagawa na katulad ng mga bakuna sa pana-panahong trangkaso.
- Ang mga ito ay inaasahan na magiging ligtas at mabisa tulad ng mga bakuna sa pana-panahong trangkaso.
- Ang mga ito ay hindi hahadlang sa mga sakit na "kagaya ng trangkaso" na dulot ng ibang mga virus.
- Ang mga ito ay hindi hahadlang sa pana-panahong trangkaso. **Dapat ding tumanggap kayo ng bakuna sa pana-panahong trangkaso, kung gusto ninyo ng proteksiyon laban sa pana-panahong trangkaso.**

Ang pinatay-na-virus na bakuna (bakuna na may pinatay na virus sa loob nito) ay iniiniksiyon sa kalamnan, tulad ng taunang iniksiyon sa trangkaso. **Ang papel na ito ay naglalarawan sa pinatay-na-virus na bakuna.**

Ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna (ang bakunang iwiniwisik sa ilong) ay makukuha rin. Ito ay inilalarawan sa isang nakahiwalay na papel.

Ang ilang pinatay-na-virus na bakuna sa 2009 H1N1 ay nagtataglay ng preserbatibong tinatawag na thimerosal upang panatilihin itong walang mga mikrobyo. May ilang tao na nagmungkahi na ang thimerosal ay maaaring may kaugnayan sa autismo. Noong 2004 ang isang grupo ng mga eksperto sa Institute of Medicine ay nagrepasso ng maraming pag-aaral na tumitingin sa teoriyang ito, at walang nakitang pagkakaugnay ng thimerosal at autismo. Ang mga karagdagang pag-aaral ay mula noon ay naglabas ng katulad na pagpapasiya.

4 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa 2009 na trangkasang H1N1 at kailan?

SINO

Ang mga grupong inirerekomendang unang tumanggap ng bakuna sa 2009 H1N1 ay:

- Mga buntis na babae
- Mga taong naninirahang kasama o nag-aalaga ng mga sanggol na mas bata kaysa 6 na buwan ang edad
- Mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan o emerhensiyang medikal
- Sinumang mula sa 6 na buwan hanggang 24 na taon ang edad
- Sinumang mula sa 25 hanggang 64 na taon ang edad na may mga partikular na hindi gumagaling na kondisyong medikal o mahinang sistema ng panlaban sa sakit

Kapag makukuha na ang mas maraming bakuna, ang mga grupong ito ay dapat ding bakunahan:

- Malulusog na 25 hanggang 64 na taong gulang
- Mga may sapat na gulang na 65 taong gulang at mas matanda

Ang Pederal na pamahalaan ay nagkaloob ng bakunang ito para matanggap nang kusang-loob. Gayunman, ang batas ng estado o mga tagapag-empelo ay maaaring mag-atas ng pagbakuna para sa mga partikular na tao.

KAILAN

Magpabakuna sa sandaling makukuha na ang bakuna.

Ang mga batang hanggang 9 na taon ang edad ay dapat tumanggap ng **dalawang dosis** ng bakuna, humigit-kumulang na isang buwan ang pagitan. Kailangan ng mga mas matandang bata at may sapat na gulang ng isang dosis lamang.

5 May mga tao na hindi dapat tumanggap ng bakuna o dapat maghintay

Hindi ka dapat tumanggap ng bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1 kung ikaw ay may **malubha (nagbabanta-sa-buhay) na alerhiya sa mga itlog**, o sa **anumang ibang bagay sa bakuna**. *Sabihin sa tao na nagbibigay sa iyo ng bakuna kung ikaw ay mayroong anumang malulubhang alerhiya.*

Sabihin din sa kanila kung ikaw ay nagkaroon na ng:

- nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya pagkatapos ng isang dosis ng bakuna sa pana-panahong trangkaso,
- Guillain-Barré Syndrome (isang malubhang sakit na pagkalumpo na tinatawag ding GBS).

Ang mga ito ay maaaring hindi mga dahilan para iwasan ang bakuna, pero ang mga tauhang medikal ay maaaring makatulong sa iyo na magpasiya.

Kung ikaw ay may katamtaman o malalang sakit, maaaring payuhan ka na maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna. Kung ikaw ay may banayad na sipon o ibang sakit, karaniwang hindi na kailangang maghintay.

Ang mga buntis o nagpapasusong babae ay maaaring tumanggap ng pinatay-na-virus na bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1.

Ang pinatay-na-virus na bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1 ay maaaring ibigay nang kasabay ang ibang mga bakuna, kabilang ang bakuna sa pana-panahong trangkaso.

6 Ano ang mga panganib mula sa bakuna sa 2009 na trangkasong H1N1?

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay puwedeng maging sanhi ng seryosong problema, tulad ng matinding reaksiyong alerhiya. Pero ang panganib na ang bakuna ay maging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Ang virus sa pinatay-na-virus na bakuna sa 2009 H1N1 ay pinatay na, kaya hindi ka magkakaroon ng trangkaso mula sa bakuna.

Ang mga panganib mula sa pinatay-na-virus na bakuna sa 2009 H1N1 ay katulad ng mga panganib mula sa pinatay-na-virus na bakuna sa pana-panahong trangkaso.

Mga banayad na problema:

- panghahapdi, pamumula, pananakit, o pamamaga sa bahagi ng katawan na ibinigay ang iniksiyon
 - pagkahimatay (unang-una ay mga adolesente)
 - sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan • lagnat • alibadbad
- Kung mangyari ang mga ito, karaniwang nagsisimula kaagad ang mga ito pagkaraan ng iniksiyon at tumatagal ng 1-2 araw.

Malulubhang problema:

- Ang nagbabanta-sa-buhay na mga reaksiyong alerhiya ay bihirang-bihira. Kung ito ay mangyari, ito ay kadalasang sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng iniksiyon.
- Noong 1976, ang isang naunang uri ng na bakuna sa swine flu ay iniugnay sa mga kaso ng Guillain-Barré Syndrome (GBS). Mula noon, ang mga bakuna sa trangkaso ay hindi pa malinaw na naiugnay sa GBS.

7 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago ng asal. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwedeng ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng payong paggamot.

8 Pagbabayad ng Pinsala sa Bakuna

Kung ikaw o ang iyong anak ay may reaksiyon sa bakuna, ang iyong kakayahang maghabla ay nililimitahan ng batas.

Gayunman, ang isang pederal na programa ay nilikha upang makatulong na bayaran ang pangangalagang medikal at ibang mga partikular na gastos ng mga partikular na tao na may seryosong reaksiyon sa bakunang ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito, tumawag sa **1-888-275-4772** o bisitahin ang website ng programa sa:

www.hrsa.gov/countermeasurescomp/default.htm

9 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/h1n1flu o www.cdc.gov/flu
 - Bisitahin ang web sa www.flu.gov



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

